ISSN 2672-2879
9 772672 287003 03

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 6 Blg. 3 | Hulyo-Setyembre 2024

www.pcc.gov.ph
DA-Philippine Carabao Center
oed@pcc.gov.ph



DA-PCC sa CMU, NATCCO nagtulong para sa pagsasanay ng 'Dairy Mentors'

2



'AI soldiers' ng timog Luzon, inihanda

4

## 1 dekada ng matatag, sama-samang tagumpay, ipagdiriwang sa NCC

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

***DA-PCC sa NHGP—Bibida ang kwento ng isang dekadang pagsisikap at dedikasyon ng mga negosyanteng magkakalabaw tungo sa sama-samang tagumpay at mas maalab na industriya ng pagkakalabawan sa gaganapin na 10th National Carabao Center (NCC).***

*Sundan sa p.3*




*#NCC10NaTayo. Sampung taon na tayong nagsasama para maisakatuparan ang ating layuning mapaunlad ang industriya ng pagkakalabawan sa bansa.*

## 'Sa food safety!, quality ang priority!'

Ni **Jeremie Marinella Ledesma**

***DA-PCC sa UPLB—"Ang seguridad sa pagkain ng bansa ay mahalaga!"***

Binigyang-diin ni Sen. Cynthia A. Villar, chairperson ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform, ang kahalagahan ng tamang pangangasiwa ng mga pagsasanay para sa mga magsasaka upang mapabuti at mapalawak ang mga oportunidad sa kanilang kabuhayan sa ginanap na Training on Milk Processing and Post-handling sa Villar SIPAG Farm School sa Bacoor, Cavite noong Setyembre 11 , 2024.

"Pagbutihin ang pag-aaral para matutunan ninyo kung paano ang tamang pagproseso ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw. Mas lalaki ang kita ng kooperatiba at ng ating mga magsasaka

*Sundan sa p.3*

## Dairy Box Surigao del Sur, binuksan na sa publiko

Ni **Jeson Candole**

***DA-PCC sa CMU—Isang bagong Dairy Box store ang binuksan sa Poblacion, Bislig City, Surigao del Sur, kung saan matatagpuan ang pinakamalawak na talon sa bansa, ang Tinuy-an Falls.***

Ang Dairy Box ay may walong kilometrong layo mula sa tinaguriang "white water curtain" falls.

Ang one-stop-shop na ito, na pamamahalaan ng Bislig Community and Government Employee Cooperative (BCGEMCO), ay hindi lamang nag-aalok ng mga masusustansyang dairy delicacies kundi nagbibigay din ng mga livelihood opportunities para sa mga residente ng Bislig City.

"Ang nasabing pasilidad ay itinatag bilang bahagi ng Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB) Karbawan project na ipinatutupad ng DA-PCC at pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform, na pinamumunuan ni Senator Cynthia Villar, " pagbabahagi ni Dr. Lowell Paraguas, center director ng DA-PCC sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU).

*Sundan sa p.4*

# DA-PCC sa CMU, NATCCO nagtulong para sa pagsasanay ng 'Dairy Mentors'

Ni **Jeson Candole**




***DA-PCC sa CMU—Nilagdaan ng DA-Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU) at National Confederation of Cooperative (NATCCO) ang Memorandum of Agreement para ipatupad ang pagsasanay sa 'Dairy Mentors' na proyekto sa ilalim ng CAFE-DAIRY Project na ginanap sa Office of the President, Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon noong Hulyo 17, 2024.***

Ang CAFE-DAIRY ay kumakatawan sa Cooperative Assistance and Farm Extension to Develop Agri-Enterprises of Indigenous Peoples and Rural Youth Project. Isinusulong ng proyektong ito ang kapayapaan at kabuhayan sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng agrikultura gamit ang value chain approach sa dairy at coffee industry sa rehiyon 9 at 10, upang makinabang ang 1,800 magsasaka kabilang ang mga katutubo, kababaihan, at kabataan. Pinondohan din ito ng European Union at ng German Ministry of Economic Cooperation and Development (GIZ).

Bukod dito, ang proyektong ito ay bahagi ng "Strengthening the Implementation of Regional and Local Peace Development Agendas in Mindanao" (SPADe) bilang bahagi ng mas malawak na programa ng Mindanao Peace and Development Program (MinPAD RISE).

Nagpahayag si Dr. Lowell Paraguas, center director ng DA-PCC at CMU ng kanyang pasasalamat at suporta sa proyekto:

"As part of the dairy industry, we commit to do our part as stipulated in the Memorandum of Agreement to utilize our expertise and best parctices in dairy production along the value chain to further enhance the knowledge of our assisted dairy farmers."

Sa ilalim ng pamamahala ng DA-PCC sa CMU, ang mga piling maggagatas ng kalabaw ay mula sa Paglaum Multipurpose Cooperative ng Misamis Occidental at Oro Integrated Cooperative ng Misamis Oriental.

Sasailalim sa walong buwang pagsasanay ang mga 'Dairy Mentors' mula Hulyo 2024 hanggang Marso 2025.

Ibinahagi rin ng project manager ng CAFÉ DAIRY NATCCO Alejandro Almendral ang kinalabasan ng proyektong ito.

"As a step toward this direction, the partner cooperatives will develop their own dairy technicians or mentors and dairy learning farms that can serve nearby dairy farmers and members," sabi ni Almendral.

Ang MOA ay nilagdaan nina Dr. Lowell Paraguas, University President Dr. Rolito Eballe, NATCCO Chief Executive Officer Engr. Sylvia Paraguya, NDA-Department Manager Jester John Jadap, na sinaksihan ng DA-PCC at CMU CBED Coordinator Dr. Elena Paraguas, CMU College of Agriculture Dean Dr. Judith Intong, at CMU Department of Animal Science chairperson Ana Celina Soriano.

# #WowKalabaw sa 'Bansaulog Fest,' ibinida ang kalabaw

Ni **Rodolfo Valdez Jr.**

***DA-PCC sa USM—Bilang pagbibigay pugay sa malaking kontribusyon ng agrikultura sa Bansalan, Davao del Sur, pinasinayaan ng lokal na pamahalaan ang taunang Bansaulog Festival na kung saan tampok ang parada ng mga kalabaw bilang bahagi ng pagdiriwang ng 2024 Farmers Day.***

Ibinida sa mga kalye ng bayan ang siyam na mga kalabaw na binihisan ng mga lokal na produkto na nagsisilbing simbolo ng mayamang industriya ng agrikultura ng bayan at ng lakas at pagkakaisa ng aktibong komunidad ng mga magsasaka. Sa temang "Pagkaing Mura at Ligtas, Abot Kaya ng Lahat," pinuri ni Bansalan Mayor Edwin Reyes ang mahalagang papel ng mga magsasaka na tinawag niyang "life and blood" ng bayan.

Binigyang-diin din niya na dahil sa pagsusumikap at sakripisyo ng mga magsasaka, ang bawa't pamilya ay makakukuha ng ligtas at abot-kayang ani sa bayan.

Sa naturang aktibidad, ang Department of Agriculture XI sa pamamagitan ng National Livestock Program, ay nagbigay ng 500 manok, limang kambing, at limang kalabaw bilang bahagi ng Farmers' Day.

Dagdag pa rito, ipinangako ni DA-Philippine Carabao Center at USM Center Director Geoffray R. Atok na ipagpapatuloy ang pagpapaunlad ng kalabaw sa lokalidad sa pamamagitan ng mga programa at serbisyo sa genetic improvement at mga negosyong salig sa kalabaw.

"Sa aktibong suporta ng mga mambabatas tulad ni Rep. Atty. John Tracy F. Cagas, maaari nating higit pang paunlari at pagyamanin ang kasalukuyang kalagayan ng industriya ng kalabaw sa lalawigan ng Davao del Sur kung saan matatagpuan ang Bansalan," dagdag ni Director Atok.

Ang ika-72 Bansaulog festival ay may mga aktibidad na angkop sa temang "Pagpapalakas ng Komunidad para sa Masaganang Kinabukasan: Pagdiriwang ng 72 Taon ng Pagkakaisa at Paglago." Ang terminong "Bansaulog" ay hango sa mga salitang "Bansalan" at "Saulog" na nangangahulugang "Kasaulogan sa Bansalan" o "Pagdiriwang sa Bansalan."



# Wastong pagpoproseso ng gatas, food safety, isinusulong ng DA-PCC sa LCSF

Ni **Loui Jee Huelar**

***DA-PCC sa LCSF— Upang ihanda ang mga kooperatibang maging supplier para sa pagpapatayo ng milk collection at mini processing facility na proyekto sa ilalim ng Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP), sumailalim ang Colonia Divina Livelihood Association (CDLA) sa pagsasanay sa pagproseso ng gatas, proper milk handling, at food safety. Inorganisa ng DA-Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF), ang nasabing pagsasanay sa pakikipagtulungan ng Sagay City CSWD noong Setyembre 18, 2024 sa Sagay City.***

Kasama sa pagsasanay ang mga lecture at praktikal na demonstrasyon na sumasaklaw sa mga mahahalagang teknik para sa pagsusuri ng gatas gamit ang centrifuge, pH meter, at lactometer. Natutunan din ng mga kalahok ang tamang mga pamamaraan sa pagpoproseso ng mga produktong gatas ng kalabaw na binibigyang-diin ang kaligtasan ng pagkain upang protektahan ang mga mamimili mula sa mga sakit na maaaring maidulot nito.

Ang proyektong ito ay dinisenyo upang magtatag ng mga sustainable na negosyo sa loob ng buffalo value chain, na nagbibigay ng karagdagang kita para sa mga magsasaka at mga samahan sa komunidad. Layunin din nitong palakasin ang lokal na suplay ng gatas para sa National Feeding Program sa mga Rehiyon I, VI, at IX. Sinusuportahan ng inisyatibang ito ang Zero Hunger Program at ang EPAHP sa pamamagitan ng sama-samang pagsisikap ng mga kasosyo mula sa gobyerno at pribadong sektor.

Ang pagtutulungan ng mga lokal na pamahalaan sa Negros ay magtataguyod ng inobasyon para sa mga magsasaka. Ang pagsasanay ng DA-PCC sa LCSF ay may mahalagang papel sa pagbibigay ng kasanayan at nagbubukas ng daan para sa matagumpay at tuluy-tuloy na pag-unlad sa komunidad.

## 'Sa food safety...

*Mula sa p.1*

sa mga processed dairy products,"dagdag ng senadora.

Ang pagsasanay ay isang collaboration effort na isinagawa ng DA-ATI CALABARZON, kasama ang DA-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB) at Villar Social Institute for Poverty Alleviation and Governance (SIPAG) Farm School. Nilalayon nitong pahusayin ang mga pangunahing kasanayan at kaalaman sa pagproseso ng gatas at post-handling sa mga kooperatiba na tinutulungan ng DA-PCC.

"Ang kalabaw ay isa sa mga programa ng PCA at PCC na upang mapataas ang antas ng buhay ng mga magniniyog. Ito pong paggagatas ang may konkretong pag-angat ng kita dahil araw-araw mayroong kita," sabi ni Bibiano C. Concibido Jr., Regional Manager ng DA-Philippine Coconut Authority IV.

Binigyang-diin ni Dr. Thelma A. Saludes, Agricultural Center Chief IV ng DA-PCC sa UPLB, ang kahalagahan ng wastong pagpoproseso at post-handling ng gatas upang matiyak ang kaligtasan at iba pang mga produktong gatas para sa merkado at mga benepisyaryo ng taunang DepEd at DSWD Milk Feeding Program (MFP).

"Wala pong shortcut ang quality. Ang DA-PCC po ay narito upang magbahagi ng tamang pagpoproseso ng gatas at paggawa ng mga dekalidad na dairy products. Lalo na sa mga engaged sa Milk Feeding Program, maging masigasig sa bawa't hakbang na naturo sa inyo para sa quality na end product," saad niya.

Natutunan ng mga kalahok ang tungkol sa Food Safety and Good Manufacturing Practices (GMP), Wastong Pangangasiwa ng Milk at Milk by-products, Milk Quality Testing, Processing of Fresh Milk, Choco Milk, White Cheese at Pastillas.

Sa pamamagitan ng pagsasanay na ito, mas nasusuportahan ang mga assisted cooperatives ng DA-PCC sa pagsunod sa RA 10611 (Food Safety Act of 2013) at RA 11037 (Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act of 2018).

# 1 dekada ng matatag, sama-samang tagumpay..

*Mula sa p.1*

Ang pagdaraos ng komperensya ngayong taon, na gaganapin sa Caoayan, Ilocos Sur sa Nobyembre 13-15, 2024, ay iinog sa temang "Laking NCC Ako! 'Sang Dekada ng Matatag at Sama-samang Tagumpay", na sumasalamin sa pagsisikap at dedikasyon ng mga sangkot sa industriya ng pagkakalabawan kaya't naging abot-kamay ang sama-samang tagumpay.

Isang pasasalamat din na naging posible ang kanilang sama-samang tagumpay dahil sa pagkakaroon nila ng matatag na sandigan sa pamamagitan ng mga oportunidad at interbasyon na patuloy na isinasagawa ng DA-PCC katuwang ang iba't ibang ahensya ng pamahalaan.

Layunin ng taunang komperensya, na inilunsad noong 2015 sa inisyatiba ni dating DA-PCC Executive Director Dr. Arnel Del Barrio, na pagsama-samahin ang mga kalahok, katiwala, at lahat ng mga may pakinabang sa industriyang salig sa kalabaw.

Gagawin din itong daluyan ng mga mahahalagang impormasyon upang maibahagi at maipalaganap ang mga teknolohiya, kasanayan, mga ideya patungkol sa industriya at mga wastong pamamaraan sa pagkakalabawan.

Tampok sa isasagawang 10th NCC ang pagkakaroon ng pangkalahatang pagpupulong ng National Carabao Industry Stakeholders Association (NCISA) upang pinal na talakayin ang mga by-laws, mga polisiya, at mga isasakatuparang tuntunin at regulasyon nito.

Ang NCISA, isang grupo ng mga kooperatiba sa sektor ng pagkakalabawan na nabuo kamakailan, ay may inklusibong layunin na bumuo ng puwersang magtataguyod sa interes, mga hakbang pang-legislatura, at kapakanan ng mga negosyanteng magkakalabaw sa buong Pilipinas.

Bahagi rin ng komperensya ang paglulunsad ng DA-PCC ACPC Agri-Negosyo Credit Facility for Carabao and Dairy Farmers Program, Carabao Breed Registry, at mga talakayan sa mga paksang: Laking NCC: 'Sang Dekadang Kwentong Katatagan at Tagumpay, ALAB Karbawan 2019-2021 CBIN/CCDP Milestones, OMK! KAI-sayang Kwento ng Laking AI, Kwentong



NSCC Plaza Hotel and Convention Center, Don Alejandro Quirolgico, Caoayan, Ilocos Sur

Selebrasyon at Pasasalamat sa Milk Feeding Program, at Pagkilala't Pagpupugay: Maalab na Pagkakalabawan Isabuhay.

Magkakaroon din ng Cara-Aralan Farmers' Field Day, Technology and Products' Exhibit at Cara-Ugnayan kasama ang mga kabalikat na mamamahayag sa pagpapalaganap ng CDP.

Sa unang pagkakataon, pagkatapos ng 10 taon, pormal nang ililipat ng DA-PCC sa National Carabao Industry Stakeholders Association ang pamamahala sa pagsasagawa ng naturang NCC.

# 'AI soldiers' ng timog Luzon, inihanda

Ni **Jeremie Marinella Ledesma**

***DA-PCC sa UPLB— "Handa na kami!"***

***Labin limang magsasaka ng rehiyong MIMAROPA ang nagsanay sa Basic Training Course on Artificial Insemination and Pregnancy Diagnosis in Large Ruminants.***



*Ang artificial insemination (AI) ay isang paraan ng pagpapalahi ng kalabaw, na isinasagawa ng isang sinanay na technician, kung saan ang semilya ay idinedeposito o inilalagay sa bungad ng matres ng inahing kalabaw sa pamamagitan ng instrumento at hindi sa tulong ng bulugan.*

Ang pagsasanay ay isinagawa ng DA-Agricultural Training Institute (DA-ATI) MIMAROPA sa pakikipagtulungan ng DA-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB) noong Agosto 26 hanggang Setyembre 18, 2024.

Ito ay naglalayong magbigay ng mga bagong kaalaman at kasanayan sa mga AI technicians para sa pagbibigay ng teknikal na serbisyo at suporta na may layuning mapabuti ang kalusugan ng kalabaw, mapahusay ang produktibidad ng gatas, at mapalakas ang kita sa kani-kanilang komunidad.

"Kailangan namin kayo bilang aming mga katuwang upang magbigay ng teknikal na serbisyo at suporta sa mga magsasaka. Sana ay mahasa ang inyong mga kakayahan pagkatapos ng pagsasanay na ito at tunay na magampanan ninyo ang inyong tungkulin bilang mga AI technician," sabi ni Dr. Jesus Rommel V. Herrera, Genetic Improvement Program (GIP) coordinator ng DA-PCC sa UPLB.

Ang mga kalahok ay tumutok sa teoretikal at praktikal na mga pag-aaral. Ang unang linggo ng pagsasanay ay kinapalooban ng mga paksa tulad ng mga lahi ng kalabaw at kanilang superyor na genetika, kalusugan at pamamahala ng hayop, at mga pamamaraan ng artipisyal na pagsisimilya at pagbubuntis.

Ang ikalawang linggo ay nakatuon naman sa mga praktikal na sesyon kung saan ina-apply ng mga nagsasanay ang kanilang bagong nakuhang kaalaman sa ilalim ng patnubay ng DA-PCC.

## Dairy Box Surigao... *Mula sa p.1*

Ang Dairy Box ay isang suporta sa imprastraktura para sa mga smallholder dairy farmers na idinisenyo upang bigyan sila ng pagkakataong maikomersyo para sa mas malaking kita.

"Kami ay masaya at natupad ang layunin ng ahensya na magkaroon ng mataas na kalidad ng gatas sa komunidad. Isa ring layunin natin ay maihanda para sa mas malawak na merkado ang mga magkakalabaw," sabi ni Dr. Caro Salces, deputy executive director ng DA-PCC.

Binigyang-diin niya ang pangako ng Dairy Box na suportahan ang mga lokal na magsasaka sa pamamagitan ng pagtiyak na matatanggap ng mga customer ang mga pinakasariwang produkto habang nag-aambag sa lokal na ekonomiya.

Ang bagong bukas na Dairy Box store ay nag-aalok ng mga masasarap na pasalubong at snacks na gawa sa gatas ng kalabaw. Ilan sa mga ito ay ang pastillas, fresh milk, white cheese, chocomilk,at mango at ube-flavored milk drinks.

Ipinakita ni Surigao del Sur 2nd District Representative Johnny Pimentel ang kanyang suporta para sa proyekto, at binanggit niya na ang lalawigan ay naglaan ng PHP500,000 para sa taong 2024 upang suportahan ang mga dairy farmers at Dairy Box operations.

"Ang Dairy Box ay isang mahalagang karagdagan sa ating lalawigan. Nakatutuwang makakita ng mga bagong negosyo na sumusuporta sa lokal na agrikultura at nagdadala ng mga de-kalidad na produkto sa ating mga residente. Buong-buo kong sinusuportahan ang inisyatiba," ani Rep. Pimentel.

Itinampok din sa seremonya ang pagtatapos ng 17 magsasaka sa ilalim ng Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP). Nakatanggap sila ng mga sertipiko kasama ang dalawang motorsiklo, mga lalagyan ng gatas, mga pasilidad sa pagproseso at imbakan ng gatas, at 56 na dairy buffaloes.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Dairy Box ng Bislig City at sa mga handog nitong produkto, bisitahin ang Facebook Page nito: Dairy Box-Bislig City o magsadya sa address nito na matatagpuan sa Sayre Highway, Core 1, Poblacion, Bislig City, Surigao del Sur. Ang tindahan ay bukas araw-araw mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.




***#WowKalabaw!** May mas malawak na market na ang mga local dairy farmers ng Surigao Del Sur!*

# Serbisyong #TatakPCC, inihatid sa mga Negrosanong magkakalabaw

Ni **Louie Jee Huelar**

***DA-PCC sa LCSF—Kalidad na serbisyo sa mga kalabaw ang inihatid ng DA-Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) noong Setyembre 7, 2024, sa isinasagawang Livestock Medical Mission sa Sitio Kaingalan, Brgy. La Granja, La Carlota City.***

Sa pakikipagtulungan ng City Veterinary Office (CVO) ng pamahalaang lungsod ng La Carlota, mahigit 30 crossbred at native na kalabaw ang tumanggap ng serbisyo tulad ng libreng medikal na pagsusuri, bitamina, deworming, at artificial insemination.

Pinangunahan ang inisyatibang ito nina Edward Toquillo ng CVO (AI Technician), Rolly Ardeño ng PCC (AI Coordinator/ Bull Entrustment Program Coordinator), at Ruben Bautista ng PCC (AI Technician). Dumalo rin sina SP member Baste Benedicto, chairperson ng SP Committee on Agriculture, Agrarian, and Urban Reform, at SP member Stephen Simbit, na namumuno sa SP Committee on Livelihood Programs and Cooperatives.

Ang sama-samang pagsisikap ng Local Government Unit, CVO, at DA-PCC sa LCSF ay naglalayong mapabuti ang kalusugan at produktibidad ng mga hayop tulad ng mga baka, kalabaw, at kambing.



*Umusbong ang bayanihan ng iba't ibang ahensya ng gobyerno sa Negros Occidental upang maserbisyohan ang mga alagang hayop ng mga lokal na magsasaka.*

Ang matagumpay na pagpapatupad ng inisyatibang ito ay naging posible sa ilalim ng pamumuno ni Center Director Eva Alvarez ng DA-PCC sa LCSF at City Veterinarian Carlos Ceasar Catabas ng La Carlota City Veterinary Office.

Mananatiling nakatuon ang DA-PCC sa pagpapalakas ng produksyon ng kalabaw sa pamamagitan ng mga inisyatiba tulad ng artificial insemination, na may mahalagang kontribusyon sa mga layuning maparami ang populasyon ng kalabaw sa Pilipinas.

Mahalaga ang epektibong pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa mga programang ito upang mapataas ang kamalayan at mapasigla ang pakikilahok ng komunidad, at mapabuti ang produktibidad ng mga gatasang kalabaw sa Pilipinas sa pamamagitan ng AI .

# 'Lakas sa gatas' campaign, inilunsad ng DA-PCC sa LCSF

Ni **Louie Jee Huelar**

***DA-PCC sa LCSF—Upang maipaalam ang mga benepisyo ng pag-inom ng gatas sa mga kabataan sa Negros, tumulong ang DA-Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) sa SDO La Carlota City, La Granja National High School na lumikha ng video entry para sa kampanyang "Lakas Sa Gatas" na inilunsad ng Department of Education (DepEd).***

Ang kampanyang ito ay naglalayong maisulong na tangkilikin ng mga estudyante ang pag-inom ng gatas at mga produktong salig sa gatasang kalabaw.

Ayon sa School-Based Feeding Program (SBFP) evaluation at feedback survey, makabuluhan ang epekto ng programa: 57% ng mga mag-aaral ang nag-ulat na mas masigla at puno sila ng enerhiya, 52% ang nakaranas ng pagtaas ng timbang, at 51% ang nakapansin na bumuti ang kanilang immune system.

Alinsunod sa RA 11037 na kilala bilang Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act, ang DA-PCC ay nakipagtulungan sa mga sinusuportahan nitong kooperatiba upang matugunan ang pangangailangan ng milk feeding program, na ipinatutupad ng DepEd kasama ang Department of Social Welfare and Development.

Ang DepEd, kasama ang DA-PCC at National Dairy Authority (NDA) ay nagtulungan upang maisakatuparan ang School-Based Milk Feeding Program upang malabanan ang undernutrition sa mga estudyante at masuportahan ang mga lokal na dairy farmer.



Ang DA-PCC sa LCSF at ang mga kooperatibang inaasistehan nito ay nakiisa sa pagkamit ng layunin ng Department of Agriculture na maitaas ang produksyon ng gatas upang mas marami pang mamamayan ang makinabang sa National Milk Feeding Program.

Bilang karagdagan sa mga imprastrukturang isasaayos, ang DA-PCC ay nagpatupad ng ilang estratehikong hakbang upang mapalakas ang produktibidad lalo na sa mga small scale dairy farmers. Kasama rito ang pagtatatag ng National Dairy Herd Improvement System sa pakikipagtulungan ng Korea International Cooperation Agency.

Tuluy-tuloy din ang DA-PCC sa LCSF sa paglulunsad ng mga hakbang upang matutukan ang pagpapalago ng kabuhayan ng mga magkakalabaw sa probinsya.

# Masarap, dekalidad na produktong gawa sa gatas ng kalabaw para sa mga Cagayanos

Ni **Cris Antonette Baccay**



***DA-PCC sa CSU—*** *Dalawang-araw na pagsasanay sa pagpoproseso ng gatas, na nilahukan ng 10 masisigasig na magsasakang nag-aalaga ng kalabaw at mga miyembro ng Pagsanggiran Ti Manalon Multipurpose Cooperative (PTMMPC), ang isinagawa sa Calog Sur, Abulug, Cagayan noong Setyembre 12-13, 2024.*

Layunin nito na mapabuti ang industriya ng gatas at maiangat ang kabuhayan ng mga lokal na magsasaka sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mahalagang kaalaman at kasanayan sa pagpoproseso ng gatas.

Ang kaganapan ay bahagi ng mas malawak na inisyatiba upang itaguyod ang pag-unlad ng mga lokal na produktong gatas, na tinitiyak na ang mga maliliit na magsasaka ay maaaring magdagdag ng halaga sa kanilang produksyon ng hilaw na gatas. Inorganisa ito sa pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan ng Abulug, PTMMPC, at DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa Cagayan State University (CSU), at nagsilbing hakbang tungo sa pagtaas ng potensyal na kita ng mga magsasakang nag-aalaga ng gatasang hayop sa Cagayan.

Ang mga kalahok ay epektibong nakibahagi sa iba't ibang mga diskusyon noong unang araw ng pagsasanay at sa isang praktikal na aktibidad sa pagpoproseso ng gatas sa ikalawang araw.

Si Dr. Aileen G. Bulusan, science research analyst ng DA-PCC sa CSU ang nagbigay ng lecture tungkol sa mga tamang gawain sa pagpoproseso at ang kahalagahan ng kalinisan sa paggawa ng mga produktong gatas na dekalidad.

Samantala, si Sarah Angelica S. Bautista, milk processor ng DA-PCC sa CSU, ang nagturo ng milk quality testing. Ang praktikal na aspeto ng pagsasanay ay nagbigay ng kumpiyansa sa mga kalahok tungkol sa kanilang mga bagong kasanayan.

Isa sa mga tampok sa pagsasanay ay ang sesyon tungkol sa kaligtasan ng pagkain, kung saan natutunan ng mga kalahok ang mga protokol sa kalinisan, tamang mga pamamaraan ng pag-iimbak, at pagsisiguro ng kalidad. Mahalagang kaalaman ito upang mapanatili ang nutrisyonal na integridad ng mga produktong gatas, matiyak ang kaligtasan ng mga mamimili, at masunod ang mga regulasyong itinakda. Natuto rin ang mga kalahok sa kanilang praktikal na aktibidad na pinamunuan ni Gng. Bautista, kung saan sila ay nagproseso ng iba't ibang mga produktong gatas tulad ng pasteurized milk, flavored milk, at yogurt.

Ang pag-aalaga ng gatasang hayop ay hindi lamang isang umuusbong na sektor ng agrikultura sa rehiyon, ito ay isang sektor na may napakalaking potensyal. Gayunpaman, ang potensyal na ito ay lubhang limitado dahil sa kakulangan ng tamang imprastruktura at kaalaman sa pagpoproseso ng gatas. Sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga magsasaka ng mga kinakailangang kasangkapan at teknolohiya, pinapalakas ng pagsasanay na ito ang kanilang kakayahan na iproseso ang kanilang gatas sa mga produktong may mas mataas na halaga, na maaaring magbigay ng mas mataas na presyo sa mga lokal na merkado, kaya't naisasakatuparan ang buong potensyal ng industriya ng gatas.

Umuwi ang mga magsasaka na may bagong kasanayan at may panibagong pag-asa at sigasig para sa paggawa ng mga produktong salig sa gatas ng kalabaw.

Ang pagsasanay na ito sa pagpoproseso ng gatas ay patunay ng pangako ng lokal na pamahalaan at ng mga organisasyong pang-agrikultura na palakasin ang mga rural na komunidad, isulong ang matatag na agrikultura, at itaguyod ang mga lokal na produkto.

# Proyektong GK3K sa Pangasinan, mas pinalakas para sa mga 4Ps beneficiaries

Ni **Maximo Peralta Jr.**



***DA-PCC sa DMMMSU—*** *Sinimulan na ng mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) mula sa mga bayan ng Bautista at Natividad sa Pangasinan ang kanilang paglalakbay sa negosyong pagkakalabawan matapos silang makatanggap ng 17 palahiang mga babaeng kalabaw.*

Ang mga nasabing benepisyaryo ay kabilang sa listahan ng proyektong Gatasang Kalabaw Kontra Kagutuman at Kahirapan (GK3K) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD)-Sustainable Livelihood, na naglalayong tulungan ang mga 4Ps na magkaroon ng stable na mapagkukunan ng kita sa pamamagitan ng negosyong salig sa gatasang kalabaw.

Bilang bahagi ng inisyatiba, ipinagkatiwala ng DSWD-SLP Pangasinan II, DA-PCC, at LGU-Natividad ang anim na crossbred buffaloes sa Bachelor West Sustainable Livelihood Production Association (SLPA) noong Agosto 30,2024 habang lima ang ipinagkatiwala sa Canarem SLPA noong Agosto 7, 2024.

Bukod dito, ang Tibay Bisig Poponto SLPA ng Bautista ay nakatanggap ng anim na kalabaw noong Agosto 14, 2024.

Ang DSWD-SLP ay naglaan ng kabuuang budget na humigit-kumulang PHP1.2 milyon sa parehong munisipalidad.

Kasunod ng matagumpay na pagpapatupad ng proyektong GK3K sa Balungao, Pangasinan, ang bayan ng Bautista at Natividad ay bahagi na ngayon ng dumadaming bilang ng komunidad na nakikinabang sa negosyong salig sa kalabaw.

Matapos ang ilang buwang paghahanda, nagsimula na ang mga benepisyaryo sa kanilang paglalakbay sa dairy buffalo production.

Bilang paghahanda sa proyekto, ang mga benepisyaryo ng Baustista ay sumailalim sa Dairy Buffalo Production and Management Training noong Hulyo 2024, habang ang bayan ng Bautista ay nagtapos ng parehong pagsasanay noong Hulyo 2023.

Parehong aktibo ang mga munisipalidad sa pagsuporta sa proyekto na nagbigay pa sila ng materyales para sa pagpapatayo ng mga kulungan ng kalabaw.

Ang proyektong GK3K ay pagtutulungang-pagsisikap ng DSWD, local government units, DA-PCC, at iba pang mga national government agencies.

# Mga kwentong mapapa #CARAMAZING ka!

*Ang #Caramazing ay mga kwentong pinost sa facebook na kakaiba at kahanga-hanga na may kinalaman sa kalabaw.*

## #LakasKalabaw

***Kalabaw lang "sakalam" (malakas)! Muli na namang pinatunayan ng kalabaw ang 'di matatawaran nitong lakas at tunay na maaasahang sandigan sa gitna ng sakuna.***

***"Iyong lakas ng kalabaw parang katulad po ng lakas at tatag po naming mga guro sa tuwing tatawid po kami ng baha para makapagturo sa mga kapatid po naming Aeta."***

Ito ang nakapupukaw na kwentong ibinahagi ni Sir Jezrell L. Doble, isang guro mula sa Brgy. San Juan, Botolan Zambales, na tuwing tag-ulan ay apat na oras ang kanyang matiyagang binabagtas sakay ng kariton ng kalabaw makarating lamang sa "far-flung school" o Poonbato Integrated School sa Sitio Boenlawak Poonbato, Botolan Zambales, kasama ang kanyang mga kapwa guro.

Kwento niya dahil sa lahar na dulot ng pagputok ng bulkang Pinatubo, lumalalim ang tubig ng ilog tuwing tag-ulan kaya kariton ng kalabaw ang sinasakyan nila upang makatawid sa kabilang barangay.
Tuwing Linggo ang biyahe nina Sir Jezrell sa eskwelahan habang Biyernes pagkatapos ng klase naman ang karaniwan nilang pagbalik.

Si Sir Jezrell ay adviser ng Grade 5, na ang kanyang mga estudyante ay kagaya rin niyang Ayta. Sa kasalukuyan, nasa 11 estudyanteng Ayta ang kanyang tinuturuan.

"Nagmomotivate po sa akin/ sa amin ay ang deep sense of purpose and commitment po to making a positive impact on the lives of our students at makapag-provide po ng edukasyon lalong-lalo na po dito sa (Baytan) far-flung school," wika ni Sir Jezrell.

"Napakalaking blessing po na masaksihan 'yong growth and development po nila. Ang passion po naming mga teachers na makatulong makapagbigay ng magandang kinabukasan sa mga bata ang nagtutulak po sa amin na ma-overcome ang challenges sa transportation po at pagtawid sa ilog or lahar," pagtatapos ni Sir Jezrell.

Saludo at pagpupugay sa mga guro na kagaya ni Sir Jezrell at mga kutsero na may pusong mapagmalasakit na hahamakin ang lahat magampanan lamang ang kani-kanilang mga tungkulin sa kanilang komunidad.

## #Freemartinism

***Masayang hinihimas ni Nelson Francisco, 57, ng Calinog, Iloilo ang kanyang bagong panganak na kambal na bulo na lalaki at babae.***

Ang kambal na bulo na ipinanganak noong Hulyo 15, 2024 ay produkto ng pagsisikap ng DA-PCC sa West Visayas State University's (DA-PCC sa WVSU) sa artificial insemination (AI) sa pangunguna ng AI technician nito na si Anjo Palmes.

Alam niyo ba na habang ang kambal na guya ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa ekonomiya para sa mga magsasaka, may mga kaso kung saan ang isa sa mga kambal ay isang freemartin, na kadalasang baog? Mga 10% lamang ng mga babaeng guya mula sa heterosexual na kambal ang fertile.

***Ang Freemartins ay nangyayari kapag ang mga male hormones ay nakakaapekto sa pagbuo ng babaeng fetus sa ika-30 hanggang ika-40 na araw ng pagbubuntis, na nagiging dahilan upang maging masculinized at baog ang babaeng kalabaw.***

Isang pananaliksik ang isinagawa ng DA-PCC na pinangunahan nina Dr. Excel Rio Maylem at Dr. Ester Flores, ang naisagawa na pinamagatang "Freemartinism in Cattle and Buffalo: Can they actually be fertile?" para bumuo ng isang tumpak na diagnostic tool para matukoy ang mga freemartin sa pamamagitan ng paghahambing ng dalawang pamamaraan: qualitative (PCR) at quantitative (RT-PCR), na nakaka-detect ng SRY gene.

Nangolekta sila ng mga blood samples mula sa mga pinaghihinalaang freemartin, kabilang ang iba't ibang kaso ng kambal na lalaki at babae at isang singleton na may abnormal na genitalia. Nakita sa lumabas na resulta na ang SRY gene (male differentiating) ay wala sa fertile female twins nguni't naroroon sa may freemartins at abnormal na singleton. Nasusukat ng RT-PCR ang nilalaman ng gene ng SRY nang mas tumpak kaysa sa PCR.Ayon pa sa pag-aaral, ang kawalan ng SRY gene sa babaeng kambal ay nauugnay sa kanilang fertility. Gayunpaman, upang kumpirmahin kung ang mga babae na may mataas na SRY ay baog, kinakailangan ang mga aktwal na pagsusuri. Samakatuwid, ang pagsukat sa nilalaman ng SRY gene sa freemartins ay makatutulong na matukoy ang kanilang potensyal fertility upang mapabuti ang produksyon.




## #KambalsaAI

Bakas ang kaligayahan sa mukha ni Paul Nartleb A. Beltran, AI technician ng Municipal Agriculturist Office (MAO) ng Magallon, Negros Occidental dahil nanganak ng female twin calves ang kalabaw n naserbisyuhan niya sa pamamagitan ng artificial insemination (AI).

***Ang twin calves na ipinanganak noong March 4, 2024 ay bunga ng AI na serbisyong ipinapalaganap ng DA-PCC sa pamamagitan ng mga trained private village-based AI technicians (VBAITs) at mga technicians ng local government units (LGUs), DA-Regional Field Offices (DA-RFO) at DA-PCC regional centers.***

Masaya at buo ang pasasalamat ni Charlie D. Ortalisa, ang carapreneur na may-ari ng kalabaw at kasalukuyang inaasistehan ng DA-PCC sa La Carlota Stock Farm, dahil sa kakaiba at nakaka-wow na biyayang ito.



***Kapag may #Caramazing kang kwento na nais mong ibahagi, i-tag lamang ang opisyal na Facebook page ng DA-Philippine Carabao Center!***

*Abangan sa susunod na isyu:*

**Unang dekadang pagdiriwang ng NCC**

**Paglulunsad ng 'Oh mAI kalabaw!' campaign**

# Mag-aamang Reyes, yes na yes sa pag-aalaga ng kalabaw

Ni **Camilla Jane Soliman**

***DA-PCC sa CLSU—Sa Bacolor, Pampanga, matatagpuan ang isa sa pinakamaraming bilang ng kalabaw sa Region III. Dahil malapit ang lugar niya sa megadike at hindi pwedeng magtanim ng palay, nagbukas ang oportunidad para kay Richard Reyes na subukan ang pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw na siya ring kinahiligan ng kanyang buong pamilya.***



Humanga si Richard sa kanyang bunsong anak na talagang niyakap ang pagkakalabawan. Kwento ni Richard, ang kanyang anak na si Rayeley Reyes, 10 taong gulang, ay nagsimulang mahilig sa paggagatas noong siya ay pitong taong gulang pa lamang. Maaga ring na-inspire si Rayeley na subukan ang paggagatas dahil sa kanyang lolo at ama na siyang nagturo at nagbigay ng gabay sa kanya.

Ayon kay Richard, mahirap talaga ang paggagatas kung walang katuwang sa gawaing ito. Ngunit dahil sa kanyang mga anak na masisipag at aktibo sa trabaho sa bukid, naging mas madali para sa kanya ang mga gawain. Ang kanyang tatlong anak na lalaki ang nag-aalaga at naggagatas ng mga kalabaw at sila rin ang nag-aasikaso sa produksyon nito tulad ng pagre-pack at paghahanda ng mga delivery tuwing bakasyon at walang klase sa paaralan. Samantala, si Richard at ang kanyang asawa ang tumatayong manager at nagdedeliver ng mga gatas pati na rin ang nangangasiwa sa pagbebenta ng kanilang produkto.

Noong nagsisimula pa lang maggatas si Rayeley, nakakokolekta siya ng 5-7 litro ng gatas. Sa kasalukuyan, kaya na niyang gatasan ang 2-3 na inahing kalabaw nila. Gamit naman ang kanilang milking machine, kayang-kaya na rin ni Rayeley na gatasan ang kanilang 10 inahin. Ayon sa kanyang ama, naging madali para kay Rayeley ang paggagatas dahil ito na ang kanyang natutunan mula pa noong bata pa siya.

"Salamat po, daddy," ani Rayeley sa kanyang ama dahil natulungan siyang tuklasin ang kanyang kakayahang maggatas ng kalabaw sa murang edad.

Tuwang-tuwa at proud din si Richard para kay Rayeley dahil sa kanyang likas na pagkawili sa pag-aalaga ng kalabaw. Hindi siya natatakot at paborito niyang sumakay sa likod ng kalabaw. Mahusay din siya sa pagpapaamo ng mga kalabaw at minsan pa ay hinihimas at hinihipo niya pa ito. Noong 2022, nagkaroon na rin si Rayeley ng kanyang sariling bulo na pinangalanan niyang "King".

"Masaya ako na nakakapaggatas na ako at nakatutulong sa pamilya at sa tuwing sinasabi ni tatay na ang galing ko at proud siya sa akin ay mas lalo ko pang ginagalingan tsaka malakas daw ang loob kong sumakay sa kalabaw," nakangiting sabi ni Rayeley.

Hindi rin naman nagpahuli sa pagkakalabawan ang panganay na anak ni Richard sapagka't ito ay nakapagsanay din bilang isang technician at nakapagtapos ng basic at advanced training sa pagsasagawa ng artificial insemination (AI) dahil sa tulong ng DA-PCC.

Ani Richard, nagbibigay siya ng mga insentibo sa kanyang mga anak dahil sa kanilang tulong sa pag-aalaga ng mga kalabaw. Ayon sa kanya, tuwing nakakapagbenta sila ng gatas, may PHP500 na natatanggap si Rayeley habang PHP 1,500 naman para sa kanyang mga mas nakatatandang kapatid. Dahil sa kanyang paggagatas, nakapagpundar na si Richard ng maraming ari-arian tulad ng apat na motorsiklo, isang e-bike, second-hand na pick-up at sasakyan, mga gadgets, aircon, freezer at ang pagpapagawa ng kanilang bahay. Binigyang-diin ni Richard na lahat ng kanyang tagumpay ay bunga ng kanyang determinasyon at sipag.

Dagdag pa niya, pangarap ni Richard para sa kanyang dairy farm ang pagtatayo ng isang farm tourism kung saan maaaring sumakay ang mga bata at matatanda sa likod ng kalabaw at masubukan ang proseso ng paggagatas ng kalabaw. Tunay nga na ang kabataan ang pag-asa ng bayan at magiging malaki ang tungkulin na gagampanan ng mga anak ni Richard para sa hinaharap para sa pagpapatuloy ng industriya ng pagkakalabawan sa bansa.


## *Patnugutan*

**Patnugot** | ROWENA S. GALANG, MA. CECILIA I. MARIANO
**Tagapamahalang Patnugot** | RONALINE C. CANUTE
**Mga Manunulat** MA. CECILIA I. MARIANO, RONALINE C. CANUTE, LOUI JEE C. HUELAR, JESON C. CANDOLE, CAMILLA A. SOLIMAN, RODOLFO T. VALDEZ JR., CRIS ANTONETTE BACCAY, MAXIMO PERALTA JR., JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA
**Layout at Ilustrasyon** REI-MAR D. AGUINALDO
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE, FRANCE JOSEPH O. PASCUAL
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD


*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.*

K-Portal

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

DA-PCC Virtual Tour

*Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*


CaraBalitaan

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 I ISO 14001 I ISO 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala apat na beses sa isang taon para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*